**Ang Nakakikiliting Kalabit ng Bukang-liwayway**

"Sa *third floor* ho, ser," sagot sa'min ng isang matandang lalaki na tila inis na inis habang winawalisan ang mga pinagbalatan ng kendi na nakakalat sa sahig ng kantinang aming dinaanan. Nang marating namin ang ikatlong palapag, ramdam ng aking likod ang pagod. Halos makuba na ito dahil sa mga librong pambata na nakapaloob sa aking asul na *bag*. At kung nakapagsasalita lang ang aking mga braso; malamang nagrereklamo na ang mga ito sa bigat ng mga makukulay na aklat na nakapaloob sa kahong hawak nito. Hindi na maipinta sa aking mukha ang pagkangawit. Napakainit pa man din noong mga oras na iyon kaya lalong nadagdagan ang aking panghal.

Para maisakatuparan ang isang proyekto, pinili namin, kasama ng mga kapwa ko estudyante, na bumisita sa isang pampublikong paaralan. Sa isang silid na mayroong limampung magaaral, ang mga bata ay nasa ikatlong baitang na. Ano ang aming pakay? Basahan sila ng mga kuwento mula sa dala-dala naming mga libro. Sa pagdating namin sa kanilang silid-aralan, bumungad sa amin ang isang klase na parang mata ng bagyo. "*Jusko Lord!*" Ang unang mga salita na binitawan ng aking bibig. May mga nagdadaldalan, may mga umaakyat sa lamesa ng guro, at may nagsusulat ng *noisy* at *standing* sa pisara (Wala naman yata silang pakialam kahit nalista na sila.) Napakagulo. Akala ko hindi namin sila mapagsasama-sama nang maayos, pero nagkamali ako.

"Mga bata, gusto niyo bang basahan ko kayo ng isang kuwento?" masigla kong itinanong sa kanila. "Opo," tugon ng mga maliliit na boses na sabik na marinig ang aking istorya. (Ang kanilang tunog 'o' sa 'opo' ay hindi maikakailang mas mahaba kaysa sa aking pagkakasulat nito na siyang mas kinasigla ko.) Lahat sila ay nakapirming nakaupo sa kanilang mga upuan. Tahimik.

Maayos. Ang mga mata nila'y sa akin lang nakatingin; sinusundan ang bawat salita na binibigkas ng aking bibig.

Parang sa kauna-unahang pagkakataon ay napahinga ang kanilang mga tainga sa ingay na idinulot nila sa isa't isa. Seryoso silang nakikinig. Makikita mo sa kanilang mga mukha ang pagiging interesado. Pagkatapos ng aking kuwento, isinara ko na ang aklat na hawak ko. May napulot kaya silang aral sa maikling kuwento na binasa ko? O napagtanto kaya nila na mas maayos pala kung magkakaroon sila ng disiplina sa loob ng silid-aralan?

"Kuya, pwede ka pa bang magbasa ng isang kuwento?" hirit ng isang batang babae.

Bilang isang mag-aaral na mahilig magkuwento, parang biglang tinangay ng bagyo ang kunot sa noo na idinulot sa akin ng pagbubuhat ng mabibigat na libro. Napakasarap pala sa pakiramdam na sa pamamagitan ng panitikan ay naging organisado ang limampung mga bulinggit. Kung nagawa ng mga bata na magkaisa, magagawa din kaya ng ating bansa?

**Sa Pagkakaisa**

Laman ng balita sa mga pampahayagan ang mga suliranin na kinakaharap ng Pilipinas. Araw-araw na lang, hindi na natapos.

Sa mga pampahayagan, palaging problema sa gobyerno ang sumasalubong sa atin. Korapsyon ang palaging pinag-uusapan. Siguro matatapos lang ang suliraning ito kapag tuluyan nang nalugmok sa kahirapan ang Pilipinas. At kung hindi naman korapsyon ang ibabalita, mga krimen na nagawa ng mga Pilipino sa kapwa nila ang bubungad sa'tin: pinatay, ninakawan o inaway. Kailan kaya matatapos ang problemang ito? Malamang kapag ubos na ang populasyon ng mga Pilipino dahil sa hindi pagkakasundo-sundo. Nagkakaroon lang yata ng pambansang pagkakaisa kapag may laban si Manny Pacquiao.

Nais kong ibahagi ang isa sa mga matagal ko nang pangarap. Hinihiling ko na kahit isang araw man lamang ay makita kong nagkakaisa ang lahat ng Pilipino. ‘Yon bang manonood ako ng balita, at puro magagandang kaganapan ang sasabihin. Walang masamang naganap. Ni isa. Walang problema sa gobyerno. Walang mga senador na nagbabangayan. Walang pinapatay. Walang ninanakawan. Walang nagaaway-away. Payapa at maayos lahat, sana.

Minsan nakakalito, pero ano nga ba talaga ang ibig sabihin ng salitang ‘pagkakaisa’? Ito ba’y pagkakasundu-sundo ng lahat ng tao sa iisang lugar? Isang simpleng pagtutulungan? Maayos na pakikipagkapwa-tao? O hindi ba’y, pagkakapantay-pantay? Maaaring lahat ng iyan ay tama pero hindi sapat na bigyang kahulugan lamang ang pagkakaisa—dapat ito’y ginagawa, isinasabuhay at pinapatunayan. Paano?

**Simulan natin sa Pagtangkilik**

Noong minsan, hindi dumating ang propesor namin sa *College Algebra*. “*Free-cut!*” Sigaw naming mga estudyante sa klasrum. Parang nanalo sa lotto ang bawat isa sa amin sapagkat hindi makikipaglaro ang aming utak sa mga nakalilitong numero at problema na dala ng *Algebra*. Nagsimula nang magsilabasan sa silid ang aking mga kaklase. Yung iba, malamang, bibili ng makakain: *kwek-kwek, fishball, squidball, siomai, cheese sticks* atbp. May iilan naman sa aming klase na mas piniling manatili na lamang sa silid-aralan, at kabilang na ako doon. Gusto ko kasing makipagdaldalan, kaya hindi na ako lumabas. “*Guys*! Nabasa ko na yung *The Fault in Our Stars*! Grabe naloka ako, *cause it’s like nakakaiyak*.” Nagyayabang na sambit ng kaklase kong si Susan. “Napaka-*loser* mo naman *beh*! Ang tagal-tagal na niyan ngayon mo lang nabasa?! Mas maganda yung *Fifty Shades of Grey*, *swear*! Basahin mo ha?” Tugon naman ng katabi kong si Mildred. Napansin ko sa sulok ng aming silid, nakaupo ang kaklase naming si Carlo, nakabuklat ang hawak niyang libro; siya’y nagbabasa. Nilapitan ko siya at itinanong ko kung anong binabasa nya. “*Fish-*

*Hair Woman* ni Merlinda Bobis ang *novel* na ‘to, Philippine literature.” Nakangiti niyang sagot sa akin. “Weh? May ganyan bang libro?” Natatawang balik ko sa kanya. “Seryoso ka ba?! Ang dami kayang mga magagandang *novels* na *Filipino made*. *Don’t tell me* hindi ka pa nakapagbasa ng kahit isa?” Naiinis niyang bara sa akin. Noong mga oras na iyon, nahiya ako. Tama siya, wala pa nga akong nabasa ni isa sa mga nobelang gawang Pilipino. Hindi ko pa sinubukang silipin ang mga pahina ng sarili nating panitikan; mas pinili ko pang unahin ang mga gawang *abroad*. Gayunpaman, hindi pa huli ang lahat. Bigyan natin ng pagkakataon ang ating sarili para buklatin ang mundo ng ating literatura. Hindi tayo magsisisi. Magpapakadayuhan ba tayo sa sarili nating panitikan?

**Dahil sa ating Literatura**

Sa tuwing nakakakita ako ng panitikan, at magbabasa ako ng mga maiikling kuwento, ng mga tula at sanaysay, napapaisip ako. Tinatanong ko sa aking sarili kung ano nga ba ang nagtutulak sa ating mga Pilipinong manunulat para gumawa ng obra sa pamamagitan ng literatura. Naalala ko ang mga nobela na isinulat ni Gat Jose Rizal: Ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Nais niyang mamulat tayo sa katotohanan, at ipaglaban ang karapatan ng bawat isa. At dahil dito, sama-sama ang mga Pilipino na nag-aklas at lumaban para matapos ang pamumuno ng mga dayuhan sa Pilipinas.

Sa aking palagay, ang ating panitikan ay parang hangin sa nangingiliting kalabit ng bukang-liwayway. Parang malambot na kamay ng nanay na humahaplos sa ating isipan. Isang buhos ng malamig na tubig na magmumulat sa ating mga mata; gigising sa ating kamalayan.

. Noong ako’y munti pa lamang, lagi akong nagpapabili sa aking *mama* ng mga *storybook*. Yung mga aklat na may mga makukulay na guhit. Hindi pa kasi ako marunong magbasa noon kaya

binabase ko sa mga *drawing* ang pag-intindi ko sa kuwento. Isa sa mga paborito ko ay ang kuwentong “Si Pagong at si Matsing.” Makikita dito na tuso at makasarili si Matsing, at si Pagong naman ang laging nalalamangan. Bilang bata, marami akong natutuhan na mga aral at tamang asal sa pamamagitan ng mga kuwentong kinahumalingan ko noon, tulad na lang ng hindi pagiging makasarili. Lumipas man ang panahon, hindi ko malilimutan ang mga istorya na humulma sa aking pagkabata; ang mga kuwento na nagpakilala sa akin ng literaturang Pilipino.

Bitbit ng ating literatura ang ating mayaman na kasaysayan, tradisyon at kultura. Itinuturo nito sa atin na kahit magkakaiba tayo ng edad, relihiyon, kasarian at antas sa buhay, ay pare-pareho tayo ng pinagmulan - pare-pareho tayong mga Pilipino. At kapag naintindihan natin na pantay-pantay tayong lahat, mabubuo ang respeto natin sa bawat isa. Hindi tayo maglalamangan, mang-iinsulto, o manghuhusga; magiging daan ito tungo sa isang pambansang pagkakaisa.

Nais kong ihalintulad ang bawat isa sa atin sa mga mag-aaral na binisita namin para sa aming proyekto. Akala ko nung una ay hindi na sila maaawat. Ang mga batang iyon ay nagmula sa iba’t ibang uri ng pamumuhay. Kung lahat sila ay nagawa naming pagsama-samahin sa pamamagitan ng panitikan, paano pa tayo? Noong una, naisip ko na mga bata kasi ang mga iyon kaya madali silang napasunod, pero kung kaya ng mga mga estudyanteng nasa ikatlong baitang na maging organisado at magkaisa, paano pa tayong mga nakatatanda na mas... nakakaintindi?

Balang araw, naniniwala ako na may isang kuwento na maisusulat na parang binalutan ng salamangka. Isang kuwento na maiintindihan ng lahat: bata, matanda, mayaman, mahirap. Isang kuwento na agad ipararating sa kanyang mambabasa ang kahalagahan ng pagiging isang Pilipino. Isang kuwento na sa isang iglap ay maibibigay ang pambansang pagkakaisa na matagal na nating hinahangad. Ngunit sino kaya ang magsusulat nito? At saan kaya makikita ang kuwento na mayroong hinga ng mahika?